

Dibisyon ng mga Kapansanan sa Pag-unlad (DD) at mga Waiver: Buod ng Serbisyo

2024

Pagbabago sa Sasakyan

Ang pagpapakahulugan ng serbisyo at mga limitasyon na nakasaad sa ibaba ay hindi kasama ang lahat ng mga detalye at kinakailangan. Para sa mga pamantayan ng serbisyo, mga limitasyon, uri at kwalipikasyon ng tagapagbigay, at impormasyon tungkol sa pagbabayad, sumangguni sa naaangkop na Medicaid HCBS DD Waiver.

Pagkakaroon ng Waiver

Komprehensibong Waiver para sa mga may Kapansanan sa Pag-unlad (CDD)
Waiver para sa Araw ng Nasa hustong edad na may Kapansanan sa Pag-unlad (DDAD)
Waiver para sa Suporta ng Pamilya (FSW)

Pagpapakahulugan ng Serbisyo

Ang Pagbabago sa Sasakyan ay nagbibigay ng mga adaptasyon sa pangunahing sasakyan ng kalahok na pag-aari nila upang mapataas ang kanilang kakayahang maglakbay nang mag-isa.

Mga Kondisyon ng Pagkakaloob

- A. Ang Pagbabago sa sasakyan ay kinabibilangan ng:
 1. Ang mga pisikal na pagsasaayos na kinakailangan upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga kalahok o madagdagan ang kanilang kalayaan; at
 2. Patuloy na pagpapanatili o pagkukumpuni ng mga adaptasyon.
- B. Ang Pagbabago sa sasakyan ay hindi isang habilitasyon na serbisyo.
- C. Ang mga halimbawa ng Pagbabago sa sasakyan ay kinabibilangan ng ngunit hindi limitado sa:
 1. Pagbubuhat ng silyang de-gulong; o
 2. Bumabagay na mga kagamitan sa kontrol para sa silinyador, preno, hudyat, manibela, o parking brake.
- D. Ang Pagbabago sa sasakyan ay may mga sumusunod na limitasyon:
 1. Ang Pagbabago sa sasakyan ay maaaring gamitin lamang para sa isang sasakyan na pagmamay-ari ng:
 - a. Isang kalahok; o
 - b. Ang pamilya ng isang kalahok kapag ang sasakyan ang pangunahing sasakyan ng kalahok.
 2. Ang Pagbabago sa sasakyan ay hindi maaaring gamitin para sa mga sasakyang pag-aari o inuupahan ng mga DD tagapagbigay.
 3. Hindi maaaring gamitin ang Pagbabago sa sasakyan para sa:
 - a. Mga pag-aangkop o pagpapabuti sa panlahat na gamit, gaya ng:
 - i. Mga nakainit o pinalamig na upuan;
 - ii. DVD player; o
 - iii. Mga gulong o rim na pinasadya.
 - b. Pagbili o pag-upa ng sasakyan;
 - c. Pagbabayad para sa mga umiiral na adaptasyon o mga adaptasyon na nagsimula na.

- d. Regular na nakaiskedyul na pagpapanatili.
- 4. Maaaring hilingin ang katibayan ng paseguro sa sasakyan.
- 5. Ang DDD ay maaaring mangailangan ng isang pagsusuri sa lugar ng isang naaangkop na propesyonal na tagapagbigay na nakatala sa Medicaid. Ang pagsusuri ay ibinibigay sa ilalim ng Pagsusuri ng Pagbabago sa Kapaligiran.
- 6. Ang isang pagbabago sa isang pinaupahang sasakyan ay dapat na mailipat sa susunod na sasakyan.
- 7. Ang Pagbabago sa sasakyan ay hindi maaaring magsanib, pumalit, o magdoble ng ibang mga katulad na serbisyo na ibinibigay sa pamamagitan ng Medicaid.

Mga Kinakailangan para sa Tagapagbigay

- A. Ang lahat ng mga tagapagbigay ng mga serbisyo sa waiver ay dapat:
 - 1. Maging isang tagapagbigay ng Medicaid;
 - 2. Sumunod sa lahat ng naaangkop na mga titulo ng Nebraska Administrative Code at Pang Estadong Batas ng Nebraska;
 - 3. Sumunod sa mga pamantayan na inilarawan sa Kasunduan ng Tagapagbigay ng Serbisyo ng Division of Medicaid at Pangmatagalang Pangangalaga;
 - 4. Kumpletuhin ang mga pagsasanay sa DHHS sa kahilingan; at
 - 5. Gamitin ang pangkalahatang mga pag-iingat.
- B. Ang Pagbabago sa sasakyan ay maaaring ialok ng isang vendor.
 - 1. Ang isang vendor ay isang kumpanya o ahensya na nakarehistro bilang tagapagbigay ng Medicaid, ngunit hindi sertipikado bilang tagapagbigay ng DD.
- C. Ang Pagbabago sa Sasakyan ay hindi maaaring pamamahalaan ng sarili.

Mga Singil

- A. Ang Pagbabago sa Sasakyan ay kailangang mabili sa loob ng taunang indibidwal na badyet ng isang kalahok.
- B. Ang Pagbabago sa Sasakyan ay binabayaran bawat pangyayari.
- C. Ang isang nagbebenta ay hindi maaaring maningil ng higit kaysa sa kanilang sisingilin sa karaniwang publiko. Ang isang nagbebenta na nag-aalok ng diskwento sa isang tiyak na grupo ng mga tao, tulad ng mga estudyante o senior citizens, ay kailangang mag-alok ng parehong diskwento sa isang kalahok sa grupong iyon.
- D. Ang Pagbabago sa Sasakyan ay may limitasyon na \$10,000 bawat limang taon.
 - 1. Maaaring humiling ang isang kalahok ng karagdagang pondo lampas sa limitasyon ng badyet dahil sa isang kritikal na pangangailangan sa kalusugan o kaligtasan.
 - 2. Ang pag-apruba ng DDD ay nakabatay sa magagamit na pondo.